**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**BY NOLI DE CASTRO – TELERADYO**
**DECEMBER 23, 2020 [8:16 A.M. – 8:18 A.M.]**

**DE CASTRO:** Secretary, magandang umaga po.

**SEC. ROQUE:** Magandang umaga, Kabayan. At magandang umaga, Pilipinas.

**DE CASTRO:** Tama ho ba na simula bukas ay bawal nang pumasok ang mga flights mula sa UK?

**SEC. ROQUE:** Tama po iyan 'no. Epektibo po ng 12:01 bukas, December 24, ay hindi na po natin papapasukin ang lahat ng flights na galing sa UK. Iyong mga manggagaling po sa UK ng 14 days before 12:01 ng December 24 ay hindi rin po makakapasok. Pero iyong mga naka-transit na po 'no, iyong mga nasa ere, palalandingin po sila pero magsa-subject po sila sa mandatory 14-day quarantine sa New Clark City kahit ano pong resulta ng kanilang RT-PCR test.

**DE CASTRO:** Opo. Hanggang kailan po ito, Secretary?

**SEC. ROQUE:** Hanggang a-treinta y uno po ng Disyembre 'no. Hanggang katapusan ng buwan, I should say, December 31.

**DE CASTRO:** Okay. Wala na ho bang iba pang bagong balita diyan sa Malacañang?

**SEC. ROQUE:** Well, ito po ang pinakabagong balita at ito naman po ay para malaman ng mga kababayan natin na nagpaplanong pumunta dito sa Pilipinas: Sa simula ng a vente y kuwatro, ipagpaliban ninyo po muna ang inyong mga biyahe.

**DE CASTRO:** Okay. Maraming salamat po, Secretary. Magandang umaga at Merry Christmas.

**SEC. ROQUE:** Merry Christmas, Kabayan.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*